MAKILING REVIEW
AN INTERNATIONAL JOURNAL OF HUMANITIES

VOLUME 1 NO. 1 2022

# Ang Kanonisasyon ng mga Santa Santino

Andrew A. Estacio
University of the Philippines Los Baños
aaestacio@up.edu.ph

## Sinopsis

Matunog sa Bulacan ang Regional "Santa Santino" LGBTQ+ Beauty Pageant na gaganapin sa liwasan ng Malolos. Marami ang nawiwili at nagagaraan sa itatampok ng patimpalak—ang tema ay tungkol sa mga Katolikong Santo't Santa. Labanan ngayon ng mga patron saints ng bawat bayan at ang gayak ng mga kalahok, fashion ng mga poon. Tapat sa kapistahan ng Inmaculada Concepcion de Malolos ang kauna-unahan nitong paglulunsad. Ngunit sa mismong araw, biglaan ang naging desisyon ng munisipyo't katedral na ipasara ang naturang produksyon dahil ikinanlaki ng kanilang mga mata ang tago nitong kampanya: blasphemy. At nahuhulog ngayon ang mga organisador sa matinding krisis. Subalit palaban ang mga puno ng kalipunan, sina Tita Minerva at Tito Jet na matagal nang nangangarap ng ganitong genre simula pagkabata't pagtanda. At lalong mapangahas ang binabalak nilang taktika sa araw ng Fiesta. Hakot- hakot ang mga kadeboto't kababayan, kailangan ngayong iprotesta ang pagtutuloy ng Santa Santino sa ngalan ng tunay nitong kampanya: kasarian, kabanalan, kalayaan.

Rumesbak ang kulumpon ng mga pageant organizer sa munisipyo ng Malolos ala-sais pa lang ng umaga. Sarado pa ang tarangkahan kaya lalong nag-iinit ang puwit ng mga matatandang doon naghihintay. Naroon sa gitna ang pinakamaingay, sina Tita Minerva at Tito Jet, ang krem de la krem ng grupo. Ni hindi pa dinadale ng rayuma ang dalawa, mag-bestfriend kasi simula pagkabata at kambal-tuko sa pagiging senior bakla at lesbiyana.

Lahat sila'y nag-iisip kung ano ang gagawin. Ang iba'y pinipigilang tadyakan ang gate dahil sa malala nilang problema. Biglaan kasi ang pagpapatigil ng Mayor ng Malolos sa kauna-unahan nilang Santa Santino LGBTQ+ Beauty Pageant. Ilulunsad dapat iyon sa harap ng munisipyo't katedral. Buong buhay pa namang nangangarap ang tito't tita na magbarikada sa liwasan at magbandera ng regional rampahan. Kung kailan ba naman mamayang gabi rarampa ang mga pambatong tomboy, bakla, trans, queer at iba pa sa fiesta, ngayon pa sinumpong ang punongbayan.

"Putragis naman! Blasphemous daw tayo sabi n'ya sa text." sabi ni Tito Jet, kunot na kunot ang noong marami nang kulubot, at nakakuyom ang kamaong parang manununtok.

"Hay, naku, oo. Si Mayor Kamoteng ire'y Mayor Kamote talaga. Kabisoteng-kabisote na kokote, papundi-pundi pa!" sigaw naman ni Tita Minerva habang nagbubuga ng apoy ang pulang bunganga. Mahaba pa naman ang wig ng baklang lola at nagsusumigaw ang bulaklaking bestida. Pang-iinis pa niya, kung hindi rin daw narinig ng maligoy na Mayor ang pahayag ng Obispo ng Diyosesis tungkol sa kanilang pageant, hindi rin niya matututunan ang salitang 'blasphemous.'

"Diyosmiyo! Kilalang kilala ko talaga 'yang balimbing na 'yan, bata pa lang. Aba'y magaling lang talaga 'yan sa boksingan, chaka doll naman makipagtalastasan! Paliguy-ligoy!" hirit pa ni Tita habang nagwewelga ang lusak na make up.

"Kagabi lang nag-notice opisina ni Kamote sa'kin e. Kagabi lang, at 'nak ng tipaklong, sa text pa. Binabawi permiso sa venue. Taksil din talaga ey!" paliwanag ni Tito Jet, inis na inis ang mukha.

Idol na idol pa n'ya noon si Nora Aunor sa kanyang pelikulang *T-Bird at Ako*, at handang harapin at tapatin si Vilma para magsabi ng tunay na nararamdaman. Ngayong tumandang T-Bird na si Tito Jet, haharap at haharap talaga 'yan sa Mayor mamaya para sabihin ang tunay na nararamdaman, "Taksil ka, hayup!"

Ngunit sa kabila naman ng mga kaaligagaan, merong namumukod tanging maliit na boses na animo'y nais ring mag-rally ng karapatan: "Dis is ridikyulus!" sabi ng ninyong boses ni Senior Pit, na t-bird din, *with a small t*. "Andito na tayo! Dis is da target date! Diskartihin natin para makita ng munisipyu't simbahan pinaglalaban natin! Oki?" giit ni Senior Pit, pinipilit maging optimistic. Siya rin ang Production Manager, sing-liit ng Pit Señor pero terible. Tinapon ni Senior ang hawak n'yang yosi (na dapat ay munting globo), nilapitan ang mga kasama, at saka tumindig ang niño:

"Mga frens and childrin of God! What ar we doing? Papayag ba tayung masayang pinagpaguran natin? Kalahating taun na gumagapang ang pageant! Kumbinsihin si Kamote!"

"Pit, dear…nag-aalala tuloy ako sa mga anak-anakan kong byukunera't byukunero," nanlumo si Tita Minerva, pusong nanay pa naman sa mga bagets na sumasali ng beucon. "Hindi naman p'wedeng goodbye suklay na kaagad ang pageant. Malamang excited na mga anakis nating rumampa at mag-istar-istariray for the first time." Saka siya napatulala sa kaharap na katedral, doon sa tuktok ng toreng batingaw, kung sa'n buong buhay nakatindig ang higanteng estatwa ng Birheng Inmaculada.

Mabuti pa raw ang Inmaculada, sabi ni Tita, hindi nadadaan sa rampa-rampa upang tingalain. Ngayon din dapat ang araw para silang mga bahaghari't bahagreyna ng Bulacan ay tingalain din, at ituturing na mga Santa Santino. Sa gabi'y magniningning ang mga magagarbo nilang baro. Dadaigin ang Inmaculada, rarampa rin nang may korona, kapa, at halo sa ulo—fuma-fashion ala rebulto! Mga bakla't lesbiyana, trans, queer, sangkabaklaan at sangkatibuan ay sasambahin ninyo!

"Ayan, mga mars. Kaya tayo naba-blasphemy ni Bishop," dagdag ng nega-negang si Binibining Diana. Mas mabata-bata itong si madam na isang transwoman at siya naman ang Punong Stage Manager.

Una nang nagduda itong si Diana sa pag-eeksperimentong ito nina Tito't Tita. Paano'y tampok ba naman sa pageant, mga representasyon ng mga santo't santa sa bawat baranggay:

"Contestant #5! Josephine Viray from San Isidro Dos, Paombong!"

Rarampa ang contestant, may dala-dalang pang-araro at siyempre, suut-suot ang costume na may panibagong estilo. Ang magsasakang santo'y nagka-mini-skirt, may mga machong escort na kalabaw, nagkapakpak pa at may malobong dibdib: "Ako ang diyosa ng inyong sakahan! Ahh..ahh…araruhan na!!!"

At mapapa-antanda ng krus si Binibining Diana.

"E, 'yaan mo sila! Kaya nga protest pageant e, nanghahamon. Simbahan ang tinatarget ng ating kampanya, sabi ko nga umpisa pa lang." Seryoso makipagtalo ang filibusterong si Tito Jet.

Dati pa nila ni Tita minamata ang ganitong genre. Paano'y mayroon silang dalawa na fetish—ang Santa Santino Complex. Sila lang din ang nag-imbento. Sila ba namang lumaki sa pamilyang mananahi ng mga damit-poon, aba'y dinamitan na rin nila ang sarili.

Noong mga batang paslit pa'y itong sina Tita Minerva ay laging iimbitahin si Tito Jet sa kanilang bahay at siya ang laging naglalaruang damitan. Pareho silang nagpantasya. Akala nila'y kasing-awra nila ang mga diyos at diyosa. Kay sarap daw sigurong magmodel-modelan sa altar, sopistikadang sopistikada! "Huy! Try mo 'tong damit ni Santa Clara!" sabi ng batang Jet kay Minerva, "Para mabuntis ka!" tsaka maghahagalpakan.

Nang tumanda na'y tinukso-tukso na sila. Drag kings and queens daw sila, simbahan edition. LGBTQ plus aktibista rin ang dalawa,

ngunit sawa na sa pride march mag-organisa. Kaya't pageant naman daw.
"Itong pageant na ito, may advocacy rin! Ilang mga manay na nagtangkang ituloy 'to para naman ma-canonize ang kanilang mga beauty. At gaya ng ating mga patron saints, tayo'y mga Catholic models din no!" dagdag ni Tita Minerva.

"'Yang put'ragis na mayor na 'to…akala ko ba naman, maka-LGBT, hanggang una lang pala!" nagpupumiglas ang Tito Jet. Mas mainitin kasi ulo niya't ayaw na ayaw nang naaapi.

Kating kati na silang mag-alas otso't desperadang makakita ng kung sino mang dapat sugurin. Kelangan na raw nila agad ng resolusyon bago pa abutan ng prusisyon.

Sa tapat naman nila'y bonggang bongga ang gayak ng katedral at naghuhumiyaw ito sa mga bahagharing banderitas. Mayroon ding singkaban sa harapan ng simbahan, iyong magagarbong arko na gawa sa kawayan na tatak-Bulacan. Bongga ang liwasan at dinudumog ito ng mga deboto kapag ganitong fiesta ng Inmaculada Concepcion de Malolos.

Nagsisidatingan na rin ang iba't ibang magagarbong karosa ng mga santo't santa, mga 'alagang' poon iyon ng mga mayayamang pamilya sa lalawigan. Pinakanagpapasaya sa piyesta ang mga mananayaw na mga matatanda't kabataan. May hawak silang magagarbong kawayang posteng may disenyong singkaban. Mas bongga't kaaliw-aliw kapag tinugtugan na sila ng musiko ng *Sta. Clara Pinung-pino*, pang-Obando ang sayawan.

Sa isang banda, si Binibining Diana'y kabibili lamang ng kape. Pagkaraan niya sa kalsada'y bigla namang sumalubong ang truck ng lights and sound na kanilang kinontrata. "Oh my, yawa! Patay!" sabay buga ng kape.

Bumalik siya agad sa grupo, "Nandito na mga bad boys! Anong sasabihin natin?"

At bumaba sa truck ang mga mabibigat na yabag ng ilang kalalakihan. Aba't tila sampung palapag din ang kanilang eyebags.

Paano'y kung kailan natapos nang ayusin ang set kagabi, saka agad 'yon pinakalas ng mga pulis na alipores ni Kamote matapos silang pagbawalan. Kaya't nakauwi na sila nang ala-una ng madaling araw.

E, etong mga Tito't Tita'y mapilit, pinapunta ba naman sila ulit, baka sakaling may mangyaring himala sa utak ni Kamote. Matutuloy daw, magtiwala sila.

"Good morning, my boys" bungad sa kanila ni Bb. Diana, handa na namang mambola at manghalpirot kanwari. "Kape muna? Mukhang…parang ang sarap humigop, right?"

"Ano na ba'ng balita?" sabi nung isang damulag.

Sabay singit naman si Senior Pit liit, "Wer still waiting kung anung magiging usap kay Meyor. Bat dont you wori, may frens! Kapag nakuha na namin s'ya, pwede na tayung mag-set up mamaya-maya lang hano? Orayt? Orayt!"

Kanina pa natataranta si Senior pero magaling lang magpakita ng composure. Sa loob-loob, ino-overthink na niya ang mga gastusin. Mga daang libong pera kaya ang masasayang nila sa mga binayarang pailaw, pa-screen, pa-entablado, pa-sponsor, pa-publicity, pa-staff, pa-blablabla kung 'di sila matutuloy. At ano na lang imumura sa kanila ng mga contestants? Mga laman ng isip ni Senior, puro produksyon, produksyon, at naiipon lang 'yan sa dibdib n'ya kahit patag.

"Dayan! Dayan!" sutsot ng bwisit na Senior sa pachika-chikang SM.

"Entertainin mo nga lang nga 'yung mga big boys mu. Kembut-kembutan mo muna't make sure, bati-bati kayu. Kontakin ko 'reng point person ni Meyor. At 'pag hindi pa 'yon sumagot, we pray da rosary!"

Kaalinsabay ng mga ito'y hindi napigilan ng buong grupo ng Santa Santino, Incorporated ang pagwa-wang-wang ng iba't iba nilang mga bungangang punong puno ng problema:

“Mga manay, mga manoy, paparating na mga taga-Norzagaray, Pulilan, at Obando mamaya-maya! Ano na gagawin naten?”

“Mamaya pa naman pala e!”

“Susmaryosep, anong papakita natin? May madadatnan ba sila?”

“Hoy, ika-cancel na ba natin si Regine Velasquez, ‘yung impersonator?”

“Inang ko po, sayang ang intermission! E ‘yung impersonator ba ni Jolina? Bulakenya din pala starlet na ‘yon.”“Ilagay niyo muna kaya guests natin sa accommodations?”

“Boba, wala tayong accomodations!  Chipangga kasi si Kamote, walang binigay na budget.”

“O, e, ba’t mo ko tinatarayan? Mas maganda ko sa’yo?”

“Gaga! Mas maganda ko, pang-Miss Universe ang beauty ko!” Sa bugso ng mga pambubulabog, tumakbo bigla si Tita Minerva palayo, at sa biglang pagbukaka ng kanyang bibig, siya’y sumabog:

“Waaaah! Magandang gabi, Bulacan! Magandang gabi, Malolos! Ito na ang kinaaabangan ng lahat, ang koronasyon ng mga Santa Santino!”

At walang hiya-hiyang rumampa ang matandang bakla sa tapat, habang dumaraan ang mga sasakyan, busina nang busina sa taas-diwang nilalang, “hoy! tabi!” “Di ito runway!”

“Pak! Pak! Pak!” Paikut-ikot si inang sa monumento ni Marcelo. Kembot pa, sabay, “Ako si Maria Inmaculada M. Concepcion, tubong Maloleña, diwata ng kalsada, aking idedeklara, Santa Santino, tuloy na tuloy na!”

Napapatawa tuloy si Tito Jet, nasurpresa sa katangahan ng kaibigan. Gan'to talaga ang talent niya, mahusay magpataas ng morale. Hinatak siya bigla ni Tita at dinala sa gitnang hagdanan.

"Narito naman po ang Ginoong Santino ng Taon, si Tito Jet!" At sa pakiki-agos, rumampa si Tito Jet, paalug-alog nga lang maglakad, at sa huli'y nakuhang mag-pose na may kamay ala-Santo Niño.

"T'ragis laang. Si Senior Pit dapat gumawa neto!"

Na-bipolar na ang grupo.

Nasa ibayong sulok naman si Senior, natatanaw ang mga halakhakan, ngunit abalang abala pa rin siya sa kanyang cellphone, tinatawagan ang sekretarya ng punongbayan. *Kring! Kring! Kring* nang *kring*! Ayaw pa ring sumagot.

At habang pilit nagrarampahan ang mga Tito't Tita, biglang lumobo ang mga mata ni Senior Pit, "Ooh, uhuh-uhuh...Yes, uhuh! Santa Santino, Inc...we need explanation...wat happened?...Yu sure?...uhu-uhuh…"

"Hala!...bira!" at sabay baba ni Senior ng cellphone.

Kumaripas ng takbo ang Senior kahit maliit ang hakbang at tumalun-talon.

"Hoy, wala pang bagong taon!" sabi ng isang kasama.
Nagpapapadyak siya, hindi makapagsalita. Pagka ganitong mga balita'y naninigas ang dila n'ya.

"t-burcio, ano na'ng balita?" tanong ni Tito Jet.

At para makita'y tumungtong siya sa hagdanan, "Da Kamote is coming! Payag kausapin tayo right awey!!!"

Tuloy-tuloy nang nagsisidatingan ang mga magsisimba sa unang misa ng katedral ng alas-nuwebe. Naroon na ang mga abay, ang mga sakristan, mga katekista't taong-simbahan.

Naroon na rin ang kapita-pitagang Hermana at Hermano Mayor. Kilala din nina Tita Minerva't Tito Jet ang Hermano, bilang suki siya kapag magpapagawa o magpapasadya siya ng barong Tagalog sa kanila. Kwento pa niya'y dati raw siyang silahis at nagmahal din naman ng lalaki, pero pinili raw mag-asawa't magpamilya. Kaya't excited daw ang Hermano sa gagawin nilang Santa Santino LGBTQ+ Beauty Pageant. Pero mukhang hindi matutuloy.

Nagsisidatingan din ang mga taga-munisipyo. Bwisit nga rin sila't 'di pa pinasususpinde ng Mayor ang pasok. At kakabukas lang ng pintua'y nagulantang sila sa buong pulutong ng Santa Santino. Minartsa nila ang opisina ni Kamote.

Naaasiwa nga ang mga tao sa munisipyo, ang ingay-ingay kasi nila sa pasilyo. At may mga bitbit na silang Jollibee take out, cake, saging, at softdrinks. Parang mga pa-alay lang sa misa, ngunit para raw kay Mayor, pampalubag-loob.

"Mga frens, will dis work?" tanong ni Senior. "Of course, Pit!" pagmamalaki ni Tita. "At kapag darating na 'yang si Kamote, iwe-welcome natin siya ng 'Happy Fiesta po sa inyo, pinakamatalino't pinakamagaling na Mayor ng Malolos, Bulacan, Philippines!!"

Ngunit nagseseryoso na si Tito Jet, "ano'ng mas matinong posisyon ba sasabihin natin, ha?" Natatahimik na ang grupo.

"Alam n'yo, kailangan nito ng motion for reconsideration. Hindi pu-pwedeng basta-basta niya lang balewalain ang pageant kung kailan niya gusto. Ni hindi pa nga nagbibigay ng magandang explanation, blasphemy daw sabi sa text. At iyun pa, napakapormal naman, tinext lang tayo at wasak na lahat?" lalong namula ang mata at kumunot na naman ang noo ni Tito. "'Di pu-pwede 'yun! E, ni 'di pa nga niya 'to nakikita. Put'ragis naman, gaya-gaya sa pangulo, mahilig mambitaw ng tao kung kelan gusto?"

"Ihinahon mo lang muna, Jet, rinig na rinig ka," pagpapahimasmas ni Tita Minerva.

"Hindi, 'wag dapat tayong magkompromiso. Sabi ko talaga'y bumobobo 'tong gobyerno. Kung ako, 'pag nagtaas talaga 'ko ng boses mamaya, aba, sige. Paninindigan ang paiiralin ko rito."

Aba'y nasa bibig lagi nito ang makipag-balagtasan sa 'di niya gusto. Siya pa naman ang laging kinatatakutan kapag may kinagagalitan.

"Ayaw ko na kasing minamaliit na naman tayo. Malamang, iyan lang naman ang rason. 'Di ba Minerva, sinimulan natin ang pangarap na 'to. Tatapusin natin 'to."

*****

Noong Hunyo pa nila inabisuhan ang punongbayan hinggil sa pagdarausan ng Santa Santino. Si Mayor Kamote'y trapong trapong nakabarong, bundat ang tiyan at puti ang buhok. Ngunit may katangi-tangi siyang nunal sa baba, na 'di n'ya maiwasang kamutin. Pang-aasar nina Tito't Tita'y nanggagaling sa pagkamot ng nunal ang pagiging balimbing.

Nang makita niya muli sina Tito at Tita, nanumbalik ang alaala ng dekada sitenta.

Noong mga nagdadalaga't nagbibinata pa sila'y itong si Kamote ang hari-harian sa eskwela. Laging tinutukso-tukso ang dalawa sa klase, sinumpa raw sila ng mga engkanto, nagpalitan daw ng ari. "Nunal, nunal!" tukso naman ng batang Minerva. "Pasas! Pasas!" at susunggaban naman ni Kamote si Minerva. Ngunit ang munting Tito Jet, kaagad na reresbak at magtataas ng manggas, susuntukin si Kamote at tatabingi agad ang mukha. Takot din s'ya sa tomboy e 'no.
Simula noo'y sinagad niya ang pagte-training sa boksingan para laging makaganti. Pabida sa suntukan, kamote naman sa exam. Paano nga ba s'ya umangat sa pedestal? Ay, alam ng sambayanan ang padrino. Lahat ng koneksyon, pinatos—principal ang kanyang ina, teacher ang mga tito't tita, at ang punongbayan, dynasty ng mga kalolo-lolohan—lolo sa tuhod, lolo sa noo, lolo sa alak-alakan, sumunod ang kanyang ama, at ngayon, siya ang nakasalang.

“Aba’y eto pala mga ka-batch ko sa Marcelo High! Ano ba, kamusta?” bati ni Mayor sa dalawa. ‘Di naman siya makatitig nang diretso, napatitingin sa alampay ni Tita Minerva at amerikana ni Tito Jet.

“Ngunit, subalit, datapwat tila bagong tahi ang mga kasuotan natin, a?” at kasabay ng kanyang waring malalim na pananagalog ay hihimasin at kakamutin niya ang kanyang nunal sa baba. Mapapansin ito nina Tita Minerva’t Tito Jet, at pipigilan ang kanilang pagtawa sa ala-ala ng tuksuhan. Ando’n pa rin daw pala ang kanyang lucky charm.

“A, Mayor, disenyo namin ang mga ito, gawa sa pinakadekalibreng tela from Paris,” taas-kilay ni Tita Minerva.

Batid naman ni Mayor na malayo na nga ang narating ng dalawa sa buhay. Buong buhay silang nagpalago ng panahian ng mga damit-poon at Filipiniana at kasama sila sa mga nominado sa Dangal ng Lipi ng Bulacan para sa pagpapaunlad ng mga kasuotang lokal.
Sa takbo ng usapa’y napapagulat ang punongbayan, “Ano kamo? Magpapa-pageant kayo d’yan sa harap? Dumarami ata kwarta natin a! Hmmm, ngunit, subalit, datapwat...”

Nagtitimpi muna siya, ayaw niyang maging lunsaran ng bakla-baklaan ang plaza, ano! Pero nakokonsensya siya, ngayon pa ba niya ulit gagalitin ang dalawa kung ‘di s’ya papayag? At ayaw din niyang mabahiran ang kanyang pangalan, taklesa sila ‘pag nag-ungkat ng nakaraan.

Sa paglalim ng usapan ay nagka-tongues of the Holy Spirit ang dalawa: “This is not just about pageant, Mayor,” pag-i-Ingles ni Tita. “It is a protest pageant in which kaming mga LGBTQ plus ay kumakatok din kami sa simbahan, na dapat din kaming ituring na mga anak ng Diyos. At eka nga’y isinilang kaming walang orihinal na pagkakasala, na kami ri’y mga deboto ng Inmaculada.”

At lalong nagliyab din ang dila ni Tito Jet, “God, diversity, family. Mayor, hindi ba’t iyan naman ang tagline natin nung kampanya,

ano? 'Yan 'din ang aming adbokasiya, kalinya lamang ng iyo. I-welcome ang kaibahan ng aming sektor at ituring kaming kapamilya at kawangis ng Maylikha. At kumakatok din kami 'di lang sa simbahan, kun 'di sa inyo, sa puso niyo, Mayor."

Oo nga 'no, sabi ni Mayor sa sarili. May logic daw pala ang tagline na 'yon. Sa pakiwari niya'y palaban talaga ang mga ito. Sa bagay, aktibista nga pala sila't lumalabas din sa mga balita.

Sa isip-isip ni Kamote, nanunumbalik na't nangongonsensya ang kanyang mga kababata. At mukhang panahon ng kanilang paghihiganti. Subalit gusto rin niyang bumawi. Baka rin naman magkaroon siya ng share sa business nina Tito't Tita, galawang mukhang-pera.

"Subalit…sapagkat…datapwat" at saglit na napapakamot ng nunal si Mayor. Dinadalangin nina Tito't Tita kung magiging swerte o malas ang kanyang desisyon.

Bigla-bigla'y lumabas ang kanyang pakpak at lumitaw ang halo sa ulo, tinatakan niya ang mga papeles-- aprubado! Pinal ang lugar at rarampa na sa gabi ng ika-walo ng Disyembre. Tuloy pa ang pagpapasara ng kalsada. Ayos!

"*Ambot sa imo*, what's his problem ba? Alam naman n'ya mga ganap ng pageant a. 'Kala ko ba, close-close na kayo sa kanya?" tanong naman ni Binibining Diana. Kakarating lang niya sa pasilyo't pinag-siesta muna sa truck ang mga alagang lalaki.

"Si Obispo Hipokristo, inudyukan 'yun malamang," ani Tita Minerva.
Nagwika nga si Hipokristo—tanggalin lang ang s. Nang napansin kasi ng mga taong-simbahan ang mga naglipana nilang tarpaulin, kumatok agad ang Obispo sa munisipyo:

"Lubhang nakakukurot ng budhi nang makita namin ang tarpaulin ng Inmaculada…sa katauhan ng isang bakla! Si Kristo, nagmukhang lesbiyana! Ito ay blasphemy!" Sabay hanap ng diksyunaryo si Kamote, "ay, oo nga, blasphemy! 'Di ko 'to

inaasahan!" At saka nag-indoktrina ang simbahan sa kanyang opisina.

Kalahating taon pa naman ng puspusang paghahanda ang iginugol sa patimpalak. Si Bb. Diana nga, all around lagi ito. Madalas rumampa sa buong probinsya't maghagilap ng mga sasali--bibigyan ng imbitasyon at saka sila ipage-ensayo sa tamang postura, pagrampa, at paghahanda sa question and answer. Nakuha nila lahat ng munisipalidad, bente unong pares ang lalahok. Kaya't laking tuwa ng grupo nang lumaki ang kanilang saklaw, at nakuha ring mangaral nina Tito't Tita hinggil sa kinakampanya.

"Dito'y pakiramdaman niyong lahat kayo'y mga kamahal-mahalan at dapat tingalain at maging huwaran, sapagkat lahat tayo'y nilalang ng kataas-taasan." Akala nila'y kulto ang sinalihan. Ngunit naliwanagan naman sila sa bagong konsepto. Saka sila pinagkalooban ni Bb. Diana ng kanya-kanyang Santa Santino costumes, tahi pa nina Tito't Tita 'yan, simbolo raw ng kanilang pagiging divine rainbows at mabisang pananggalang sa mga patriarkong diablo.

Usap-usapan ngayon ang gaganaping kakaibang pageant. Ang mga tao, sabik na sabik, patok ngayon sa Facebook ang mga pambatong ka-baranggay.

Nakita nga ito ni Obispo Hipokristo't ang mga poster album nila'y may nakahihilakbot na fashion, me naka-Santa Ana, San Pascual Baylon, maski Mother Teresa meron ding imitation. Kaya't sinulatan niya agad ang organisasyon—HINDI ito pwedeng ituloy. Marami munang dinahilan e, baka maantala raw ang prusisyon, perwisyo trapiko, baka mayurakan ang kataimtiman ng kapistahan. Sa huli't huli, sinabing, "Magpakatotoo po tayo sa ating kasarian, isinilang sina Adan at Eba, babae o lalaki, blablabla", the rest is history.

Siyempre, nang nabasa ng buong organisasyon ang liham, pina-photocopy pa nila ito, at nagkaroon ng seremonya, imbis na sedula—punitin mga chakang letra!

At ngayon, akala nila'y tapos na ang pagsagabal ng simbahan, ngunit bigla silang nagkampihan ng munisipyo. "Ang pamahalaan," paghugot ni Tita, "hanggang salita sa una, hindi rin naman pala napapanindigan."

*****

"Weyt! Da secretari texted! Padating na daw!" sabi ni Senior Pit. "Si Mayor?" tanong ng isang kasama. "Baka! Lets pray! Sana matuloy 'tu, sana matuluy!"

At lalo pang pinagbubulabog ng text at tawag si Senior, "Damn! Kumalat na pala mga rumors 'di na tayu matutuluy?!" At nagsiparadahan sa kanyang inbox ang mga taong puro tandang pananong: "Nde na ma22loi?" "Toto0?" "Anek nang nangyari sis?"

"Paano na?" "Got place?"

"Listen, mga dear. Kanina pa tayo umaatungal. Wala tayong mararating n'yan!" at humingang malalim si Tita Minerva, "magdesisyon tayo." Bago pa raw sila tubuan ng sungay, sabihin na nila kamo ang mga maibabatong solusyon:

"Iusad ang pageant sa ibang araw?"

"Ito na huling huling usad ng petsa!"

"Ilipat sa Barasoain?"

"Bawal na dun!"

"Kung gawin nating pambaranggay contest?"

"Baklitang 'to, chipipay!"

"E, kung ayaw niyo, saan pa? Hindi matutuloy kung ayaw ng mga nasa taas!"

"E, ano'ng gusto niyo? Kung hindi tayo kikilos, sino ang kikilos? At kung hindi ngayon, kailan pa?"

"'Wag na daw ba nating ituluy?" tanong ni Senior, nanghihina na mga tuhod matapos babaan ng kanyang mga katawagan. Napanganga ang lahat at saka kumalembang ang batingaw ng katedral, tumatawag ng mga makasalanan, magbalik-loob na raw.

Ngunit, subalit, datapwat biglang may dumagundong sa pasilyo, naririnig ang mga higanteng yabag. "O, Lord!" napasigaw si Senior,
"Da Kamote is coming! Paakyat na ng hagdan!"

Malakas ang kabog sa kanilang dibdib. Paparating na nga ang anino. Nakahanda na ang mga desperadang alay, ang Jollibee takeout, cake, saging, biscuit, at softdrinks, kapalit ng pagbabago ng desisyon.

Pagkalitaw ng anino:
"Ay! Happy Fiesta po sa inyo!"

Panggugulat ng dalagang sekretarya. Nganga ang lahat ng nakakita.

"Si Mayor?" tanong ni Tito Jet na nagpipigil ng pagsabog ng dibdib. Ngunit maligoy kausap ang babae, mana sa amo: "Wow! Ang dami niyo naman pong handa. Sa amin po ba 'yan?"

Kapal din ng apog netong punyetang ito, sigaw ni Tita Minerva sa isip, "Hindi, ang tanong iha, na'san si Mayor?"

"Ayun po, sorry, hindi ko agad kayo na-text since nawalan po ko ng load, ngayon lang din pumasok sa isip niya na aligaga ang mga tao ngayong pistang bayan, kaya, ano, pinasususpinde na niya ngayon na half day ang opisina."

"Andito nga ba s'ya?! Kanina pa nga ho kami 'intay nang 'intay para makausap ang Kamoteng pagkabali-balimbing na 'yan e!!!" ayan na't sumabog na si Tito Jet.

Nag-suicide bigla ang sekretarya.

Ngunit dinahan-dahan niya ang pagpapaliwanag. Aba, sabi'y pupunta raw, ngunit nag-iba pa rin ng isip, kilalang kilala mo naman, at may business affair daw sa ngayon.

"Business affair?! Sa kanyang pa-holiday?!" bara pa ni Tito Jet.

Nagwawala ang sangkatibuan at sangkabaklaan at muntikang batuhin ng saging ang sekretarya. Pinasasabi pa ni Mayor na paumanhin daw, kagabi rin kasi'y inudyok siya ni Bishop na ipatigil ang pageant kung hindi'y kukundinahin nila ang kanyang opisina.

Sabi ni Mayor, isa raw siyang God-fearing citizen, at kailangan niyang protektahan ang image niya, at kailangan daw ay good influence pa rin ang ipakikita sa taumbayan.

"A, e, ano'ng tingin niya sa sarili n'ya?" naghimasik lalo ang Tito Jet.

"Aba! Nagsalita ang kababatang sutil! Magsama-sama kayo ni Hipokristo!!!"

Si ateng sekretarya, sinikap pa ring iabot ang isang envelope, naroon ang papel ng revocation ng event, pinal na, kasama ng kasunduan nila ni Bishop. Nakasulat pa ang '*God bless you and Repent'* sa hulihan ng letra. Ngunit mayro'n pang surpresa. May nakalakip na dalawampung libong piso, pampalubag-loob sa mga nagastos din nila.

"A…e…ssi-iyempre, ma-mabait naman po talaga si Mayor, b-busilak pa rin po ang puso sa mga nasa lay-lay-laylayan," sabi ng sekretarya.
Ngunit saksakang talas naman ang pagtitig ni Tita Minerva sa babae. Ikinalusaw niya ang kanyang matang namumula sa laser at tumagos ito sa kanyang utak-Trapo hanggang sa mabura na siya sa mundo!

"Iha, wala kaming tatanggaping maruming pera!" at biglang bulong na parang multo, "magnilay-nilay kayo…itutuloy namin ito sa ayaw at sa gusto niyo!"

Nangyanig ang sukob na kampana. Walk-out ang buong grupo. Walang pagsidlan ang init ng ulo at ang pagkadismaya sa naglalahong mga pangarap.

"Mga manay, mga manoy, next time na lang kaya ito," sabi ng isang maluha-luhang kasama.

Hinarap nila ang mga nagsi-siestang kalalakihan sa truck, at ibinigay na lang din sa kanila ang mga pakunswelong pagkain. "I'm sorry, boys. Next time na lang daw. Nag-signal na din sa'kin si Pit," sabi ng nanlulumong Binibining Diana.

At malakas ang bang ng pinto ng sasakyan, saka dumura ang galit na drayber sa kalsada't kumaripas ng harurot palayo sa natahimik na kalipunan ng Santa Santino.

Ang Senior Pit naman, nag-iiiyak sa isang tabi. Nag-breakdown na't hindi na kinaya ang pagiging optimistic. Sumabog na ang kanyang patag na dibdib at 'di na kayang kimkimin ang mga hinanakit, "Inang Maria, Salvi Rigina! Walang hiya ka, Kamote! Sinayang mo mga pira't pinagpaguran namin! Tatangkad aku't dudurugin kita!!!" at grabe ang kanyang pagsinok na parang bata lang ang Senior kung umiyak.

"Tama na 'yan…tahan na, tahan na ha. Halika na kayo, magsimba na lang tayo," sabi ni Tito Jet na nagpipilit-lakas ng damdamin. Lahat sila'y nasasaktan. "Makiluhod na tayo't baka magkaro'n ng himala."
Doon sa katedral, nagsiparadahan ang mga karosa ng mga santo't santa, nang-iinggit ang mga suot-suot nilang baro. Gan'to sana ang ipuprusisyon din nila sa rampahan. At unti- unting pumapasok ang mga maliligayang gunita ng kanilang pagkakapamilya. Ang Inmaculada Concepcion, ang kanilang patrona, mukhang dismayado rin sa kanilang kinahinatnan. At gusto nilang magpayakap sa inang birhen.

Ngunit, subalit, datapw—ay basta, itong si Tita Minerva, palakad-lakad sa labas at humihithit pa rin ng sigarilyo. Pilit nag-iisip kung

ano pang pwedeng gawin. Desidido ang punong suprema, “Ano ‘ko? Baklang pala-suko? Itutuloy ito sa ayaw at sa gusto nila!”

Aba, wala atang programang hindi natutuloy kay Tita Minerva. Siya pa namang dating organisador ng mga LGBTQ plus rally sa Kamaynilaan. Kasama pa niya si Tito noon at dati’y manghahatak at mananabunot pa ‘yan magkaroon lang ng mga palamuti, burloloy, at mga abubot ang mga alaga niyang baklang gustong gusto niyang iparampa sa daan. Buong puso niyang ipinagmamalaki ang kanilang kulay. At nangangalampag ‘yan ng buong baranggay nang magsilabasan ang mga tao—”Hoy, kayo d’yan! Look at my beautiful unicorns!”

Ngayo’y malalim pa rin ang pagmumuni-muni ni Tita. Palinga-linga siya sa mga abay at mga dagsa-dagsang deboto sa labas ng simbahan. Walang anu-ano’y agaw-pansin ang isang munting abay na babae na nakikipaghabulan sa gitna ng palumpon. Pumunta siya sa higanteng krus at saka tumuntong sa may hagdanan, “Hello! My name is Marie Victoria Tiongson. I am your Little Miss Philippines!” Naingayan tuloy ang mga tao saka siya sinuway ng kanyang nanay na kanina pa aligagang-aligaga sa kanya. Ang kulit.

Nanlaki ang mga mata ni Tita Minerva sa bata. At nawili pa siyang suriin ang linya ng mga tao at pailaw ng mga karo, at pati mga abubot, at burloloy at mga barikada sa daan. Pati iyong mga higanteng speakers at ang espasyong dapat na paglalagakan ng kanilang patimpalak. Mukhang kinailangan niya ng inspirasyon.

“Thank you so much, Little Miss Philippines!” at nagka-bumbilya sa bumbunan si Minerva. Dali-dali niyang tinapakan ang kanyang yosi at pinuntahan niya ang mga kumare’t kumpadre sa loob, taas-diwang hinatak palabas at nagka-emergency meeting—”mayroon tayong pasabog!”

*****

Sumapit ang gabi, prusisyon nang muli at nagsaboy ng liwanag sa mga kalsada. Umaariba na mga tao sa saliw ng musiko. ‘Nga lang, ba’t parang wala namang stage na nakikita ang mga tao, umaasa

pa naman ang ilan sa isang LGBTQ+ beauty pageant. 'Di bale, tuloy pa rin ang kapistahan at paglarga ng prusisyon.

Ngunit walang anu-ano'y sa hulihan nito'y tila ba nadaragdagan ang mga abay. Aba't dinaig pa ng kanilang mga baro ang mga naka-Filipiniana, pati ang fashion ng Hermana Mayora. Hindi rin sila inaasahan ng mga taga-diyosesis.

"Sino ang mga 'yon?" sabi ng ilang mga taga-panood nang may nadaraanan silang magkapares na tomboy at bakla, suot-suot ang kanilang magagarang pang-abay. May pakpak ng anghel ang isa, at ang isa'y may makinang na kapa't bola ala Santo Niño. Me isang tomboy namang suot-suot ang outfit ni San Roque, may dala-dala pang aso. Ang iba'y may de- bateryang halo, umiilaw. Lalo ang isa, may kasama pang machong anghel de la guardia.

Tuwang tuwa tuloy ang mga batang palaboy, "Ke ganda laang!" At habang pinagmamasdan sila nina Tito't Tita, sabi'y tawagin dapat nila itong pride march! Sabi na nga ba't nakaisip na naman ng pakana si Tita kanina nang pinagbulay-bulay ang pagrampa ng bata kanina sa simbahan, "e pwede naman palang iparampa sa kalsada mga alaga ko, aba."

At unang napagpasyahang taktika, ipasingit sila sa hulihan ng pila nang walang pasabi-sabi. Alam naman na ng mga contestants ang buong sitwasyon, ngunit kung todo rampahan maski doon, tuloy-tuloy na!

Ngunit 'di pa pala natatapos ang biglaang proyekto. Pangalawang hakbang—pasuutin ang contestant ng mga sash na may pangalan ng kanilang bayan, at dapat silang kumaway at makipagkamay, "Ako si Mara Santa Clara! Ako si Pascual Philip Baylon! Tubong Obando, manood na ng Santa Santino mamaya pagkatapos ng parada!" At nakuha ngang mag-promote ng mga mauutak na contestants.

"Siyempre, pam-PR din ito!" sabi ni Tita Minerva. Kailangan nating ipadama na tuloy na tuloy ang pageant at lahat dapat sila'y mapa-oo't dumalo. Sang-ayon naman sila sa plano, bastos pero masaya. Tignan natin ang mangyayari susunod.

Marami tuloy ang nagtsismisan hinggil sa kababalaghan sa buntot-prusisyon. Kanina pa raw sila nag-iingay at halos lahat ng tao mula sa bandang unaha'y doon nagsipuntahan at nakipag-picturan. Payat tuloy ang prusisyon sa ulo, mataba ang sa dulo.

May mga sakristan ding sumugod doon, pinakiusapan na humiwalay sila sa banal na gawain. Ngunit tuloy pa rin sila sa kalalakad at kakakaway, hindi rin mapaawat. Humaling na humaling tuloy ang mga tao.

Kanina'y sabi ni Tita, "matapos kuhanin ang puso ng masa, saka tayo umaksyon, magsasalita tayong mga bakla't lesbiyana. Kahit ano pa man, itutuloy natin ito't magbabandera ng kulay! Game?" at nagpustahan sila. Ito na sana ang pinakabanal na programa na maioorganisa nila.

Matapos ang ilang oras, bumalik ang prusisyon sa simbahan, at pawis na pawis na ang mga ipinaradang contestants. Dali-dali silang pinahilera ni Binibining Diana sa labasan, doon sa may higanteng krus. Ito namang si Senior Pit, marami pa ring katawagan, pinag-aasikaso ang mga staff para sa gagawing pakana matapos ang palabas nina Tito't Tita. "O, uhuh! uhuh! Mission: Oplan Balik Pageant, copy tayu? Orayt!" tawag niya sa cellphone.

Dumaan ngayon sa kanila ang mga naaasiwang kaparian, ayaw mamansin, at nasa dulo ang Obispo. Pumunta sa unahan sina Tito't Tita at pinangunahan ang kanilang hanay. Taas-kilay naman ang nagtatakang Hipokristo, patay-malisya. Ang mga tao'y panay usap-usapan, "Ano? Dito itutuloy ang pageant? Saan?"

"Minerva, sigurado ka na ba sa gagawin natin?" natatakot si Tito Jet. Hinawakan ni Tita ang kanyang kamay, "Ano ka bang Tiburcio ka! Ngayon ka pa manlalata? Ituloy natin. Mula pagkabata hanggang pagtanda, pangarap natin 'to." At napangiti itong si Tito, tumingala sa langit at binuo ang tiwala sa matalik na kaibigan na tinuring na ring kapatid. Siya talaga ang kanyang sandigan, mabuti na lang may Minerva s'yang kasama panghabang-buhay.

“Kaya tiwala ko se’yo e,” sabi ni Tito habang nanggigilid-luha.

At sa isang buntong-hininga, singlakas ng kampana ang nangingidlat na boses ni Tita Minerva. Nagwika siya ng mabuting balita:

“Magandang gabi, mga kababayan! Mabuhay!” nagulantang ang lahat.

“Ito ang Santa Santino LGBTQ plus Beauty Pageant! Bago ho tayo mag-umpisa, gusto kong makarinig muna ng hiyawan!”
Diyosmiyo! inatake ang kaparian. Pati mga rebulto, nawindang.

“Ilan ba sa inyo ang gustong manood?!” Nagsigawan ang ilan at sinaliwan ng buga ng musiko!

“Kitang kita ko naman sa mga Facebook at sa social media na marami kayong gustong manood at sumuporta. At ine-expect n’yo na gaganapin s’ya ngayon sa fiesta. Gusto ko kayong pasalamatan dahil ang dami-daming mga deboto ang nandidito at marami ring mga debotong mga bading, tomboy, bayot, lesbiyana, trans at kung sinu-sino pa na umaasang makapanood!”

At naghiyawan ang mga tao sa gilid, may dala-dala pa silang mga bandera, watawat na rainbow, at may picture ni Mama Mary na naka-drag.

“Gusto ko kayong tanungin. Nais ba natin ituloy ang pageant na ito?”
Natahimik ang marami. Wala pang sumasagot.

Walang anu-ano’y lumitaw mula sa kumpulan ng mga tao ang Hermano Mayor, ang suki sa panahian nina Tito’t Tita, “oo!” sigaw n’ya.

“Na’ko ang ating Hermano, o, full support! Palakpakan naman natin ang kapita-pitagan nating Hermano Mayor!” At nagpalakpakan naman ang mga tao.
Sabi naman ng Hermano, “Basta kayo nina Tito Jet support ako sa ipinaglalaban n’yo!” sabi ng Hermano.

"Diskwento 'yan sa susunod na gown ay este, barong mo, Hermano a." Tawa naman sila.

Nabuhayan si Tita Minerva at tinuloy pa ang talumpati:

"Nais ba natin ng pagkakataong ibandera ang kabanalan at kabonggahan ng LGBTQ plus sa piyestang ito? Ng pagkakataong irampa ang sariling nating mga flying colors at rejuvenating skins? Meron ako n'yan!" Tawanan muli.

"Nais ba natin ng pagkakataong iparamdam naman sa harap ng munisipyo at simbahan na tayo'y katinga-tingala at kapuri-puri sa ating mga ganda, kabonggahan, talent, talino, at siyempre, mga special din tayong mga tao, ano! May karapatan tayong maging proud sa'ting mga sarili, kung ga'no tayo ka-special at ipinagmamalaki ng minamahal nating buong bayang Bulacan! At wala sa'ting dehado dahil mapa-babae, lalaki, bakla, tomboy, trans, queer, mga nasa gitna, taas, dulo, baba, taga-simbahan man 'yan o hindi ay welcome na welcome manood at makipag-participate sa laban ng ating Santa Santino LGBT plus Beauty Pageant! Dahil may 'pinaglalaban ang pageant na ito, ayan ay ang pagmamahalan nating lahat sa gitna ng mga pagkakaiba!"

At naghiyawan nang mas malakas ang mga tao.

Umalingawngaw ang suporta at kasabikan ng mga tao. Sabik na sabik din ang mga mata ni Tito Jet, sa realisasyong may pag-asa pa pala sa ipinaglalaban n'yang ito.

"Pwes, hinahamon namin ang lahat. Ituloy natin 'to! Igora na natin ito, mga manay, manoy, at mga bagets ng Malolos! Santa Santino goes street pageant!"

Nakapangingilabot. "Simulan ang pagbabarikada!" sigaw ni Tita. Purong kababalaghan. Panalangin na yata'y kinalugdan.

Abot-langit ang tuwa ng mga kasama, staff at contestants, sa nakikita nilang kakaiba at pambihirang kapangahasang ito nina Tita at Tito. Tinuro't dinirehe naman ni Senior incredible ang

pangyayarihan ng pageant at pinamunuan nila ang pagpunta ng mga tao palabas. Nagpauna ang mga co-organizers hanggang sa bumuntot pati ang mga nakasaksing bakla't tomboy sa prusisyon.

Matagal kasi nilang kinaaabangan ang magarang patimpalak gayong sa kanilang Facebook, Twitter at pati na rin alter, laganap na promotion nito. Sigaw tuloy ng ilang millennial at Gen Z na naroon, "Jesus loves Adam and Steve!" Chant naman ng mga empowered tibo sa likod, "Church and State for LGBTs! Lavan!"

Sumigaw din si Tita Minerva, "Sangkatauhan, sangkabaklaan at sangkatibuan, doon tayo magbarikada sa ngalan ng Inmaculada!" Mas maraming kabataan ang nagpunta at mas marami rin silang mga nahatak na kaibigan, kapamilya't kaparokya, na nag-unahan papuntang munisipyo at iniwanan ang mga karo. Marami rin ang nakikiusyoso. Dinaig ng pageant ang prusisyon.

Tuloy-tuloy sa pagkilos ang Santa Santino. Aba't doon nga lumikha sa kalsada ng biglaang tanghalan. Todo sila sa pangangausap na mahiram ang mga pailaw at generator. Mabuti na lamang, pinayagan sila lalo ng Hermano Mayor na ipagamit ang mga kasangkapan galing sa prusisyon. Inalok n'ya ang mga speaker, mga pailaw, at mga mikropono na gamit pa kanina sa pagrorosaryo. Pinalipat din ang musiko para patugtugin sa pageant. Nag-unat din ng mahabang tela pam-background set. Kanya-kanya ngayon ng pag-iimprobisa. Hanggang sa ang harap ng munisipyo'y dinagsa ng mga tao mula sa mga tambayan, kalye, at tyangge.

Ang daming nagsabing nito lang daw nila naramdam ang tunay na diwa ng fiestang bayan, ang buong komunidad para sa dakilang rampahan!

Pinautos ngayon ni Senior Pit sa kanyang mga tauhan, buhatin ba naman nila ang mga barikada sa daan. Saka nila pinaghihilera at sinimulang isara ang kahabaan ng espasyo mula monumento ng Veterans hanggang monumento ni Balagtas. Hindi na nga nakaraan ang mga sasakyan sa Tulay Tampoy kaya't lumipat ang trapiko padiretso sa tyangge. Ayan tuloy, busina nang busina.

Ngayon pa lamang na-alarma ang mga kapulisan, akala'y parte iyon ng prusisyon, ngunit "Santa Santino Pageant daw?! Anong katarantaduhan?!" Kaya't nilusob nila ang namumuong pageant at pinag-aagaw ang mga barikada! Nagpatunog tuloy ng kampana ang simbahan, na tila nagwiwikang "May kaguluhan! may kaguluhan! Lumayo kayo, mga kampon ng Sodom at Gomora! Sa ngalan ni Hesus!"

Ayan tuloy at nagkagitgitan, nagtakbuhan ang mga baklang takot sa mga pulis. At nag-wangwang ang isang sasakyan, nag-announce sa speaker ang isang kalbong kumander: "Ilegal po itong pageant na ito! Binabalaan po namin kayo. Kapag hindi kayo umalis sa bilang ng sampu, aandar po itong sasakyan namin at mapipilitang buwagin na ito!"

Ngunit sina Tito't Tita, makapangyarihan, pinapunta sa harapan ang mga alagang contestants at mukha na silang nalosyang. Aba't nakuha pa nilang magkapit-bisig, sama-sama ang mga tomboy at bakla, hinatak pati ang katabing mga kaibigan, kapitbahay, at katandaan, dinala na ang People Power sa Malolos!

Hindi tuloy mapigilan ang bugso ng mga damdamin, e gusto lang namang makapanood ng pageant, ipagkakait pa. Pambihira! Natatabunan na tuloy si Senior Pit ng mga puwit ng mga kaharap. Si Binibining Diana, napapagitnaan ng mga binatilyo, "Ang babaho, pero tabi kayo sa'kin!"

Nagbilang na, "anim, pito, walo, siyam," at sa malakas na pagharurot, may biglang sumulpot na nilalang at hinarangan niya ang sasakyan! Diyosmiyo, dumating bigla ang mayoryang panauhin:

"Huwaaaaaaag!!!" mahabang sigaw ng isang Kamote.

Huminto tuloy ang oras. Huminto rin ang ingay ng lahat hanggang sa makarinig ng kuliglig sa kalsada. Nailawan tuloy ng sasakyan ang kanyang mukha at ang kanyang nunal.

"Si Mayor! Anong gagawin n'ya?" pag-uusisa ng mga tao. Namumuti-muti pa rin ang kanyang buhok, bundat, at iyon pa rin

ang suot na barong. Paglingon niya sa likod ay nakatingin din sa kanya sina Tito't Tita, nagkatulalaan ang mga maiinit na mata. Nag-aapoy ang mga mukha nila, ang kay Mayor ay ga-yelo sa pangongonsensya.

Ngunit…subalit…datapwat sa gitna ng pagtititigan, tila nakaramdam ng pangangati sa kanyang nunal ang trapong Mayor. Bigla siyang tumango. May ipinahahayag ang kanyang mukha.

“Hayaan niyo na sila,” sabi n'ya sa kalbong kumander.

At natigil ang kaguluhan.

“Kung kelan naggugulpihan na, saka na naman magbabago ang isip!” sabi ni Senior Pit sa kaharap na puwit.

Lumapit ang Mayor kina Tito't Tita. Bumalik sila bigla sa pagkabata, sa panahong pinagbabati sila ng kanilang titser.

Doon sa mainit na opisina'y nakayuko si Kamote, naging iyaking damulag, "Suntukin n'yo rin ako, batukan, gulpihin, i-bully n'yo nang i-bully, duraan nang duraan. Mga kagaya ko po ang salot! Sorry po! Sorry! Sorry!" Saka buga pa ng iyak. Pinatahan naman sila ng titser.

Ngunit itong dalawa'y mas naawa pa 'di sa kanilang mga sarili kun'di sa kanya, sa paurong niyang pag-iisip.

Naibsan ang pula sa mga mukha nina Tito't Tita. Sumenyas din ang kamay ni Kamote na muling ipagpatuloy ang kaganapan.

Sabi ni Tito Jet sa kanya, “Aba, himala! Kanina ka pa namin hinihintay, Mayor. Gusto lang naman namin…e, suportahan mo kami.”

Si Tita nama'y nagsalita nang mahinahon, “Mayor…simula ngayong gabi, iba na ang magiging pananaw mo sa amin, ng buong bayan sa amin. Rerespetuhin n'yo kami, pupurihin din at dadakilain. Hindi na kami 'yung tulad ng dati mong inaapak-

apakan, Mayor. Kami ang mga Santa Santino. At may puso't paglaban ang aming ginagawa."

"...Tama kayo," sabi ni Mayor. At nagkamot pa siya ulit ng nunal sa baba, "Jet, Minerva…tama kayo sa sinabi n'yo…'God, diversity, family.' Dito ko pala matatagpuan 'yon."

At napakamot din sa ulo sina Tito't Tita. Ewan, kakaiba ang naramdaman nila, parang maluwag at magaan sa kanilang loob ang pagtatagpo nilang iyon sa gitna ng mga salungatan. Kahit mahirap magbati-bati, nagsang-ayunan sa bandang huli ang dalawang panig, at lalaon nawa'y magbunga ng pambihirang pagkakaunawaan.

Nagtipun-tipon muli ang taumbayan, nagpagtugtog muli nang malakas ang musiko't naghiyawan sa matagumpay na pagpapatuloy ng Santa Santino! Panay sigawan ang mga tao sa kanilang mga pambato! Aba't buong probinsya'y nagtipun-tipon sa lunsaran, kanya-kanyang performance, kanya-kanyang Santo at Santa, at ang mga pagpapakahulugan sa nirerepresentang huwaran.

"Anong mensahe ng inyong mga santo?" sabi sa Q and A.

"Si San Isidro, may layuning puksain ang pang-aabuso sa palayan, aanihin ang pag-ibig sa may piniling kasarian! Ah! Ah! Araro na!!! Aribaaa!"

"Si Santo Niño, nanghahamon sa kabataan, lumabas sa kloseta at nang matikman, kalayaan!" sabay gaya ng contestant ng kamay ni Santo Niño, ngunit fierce.

Sigawan at palakpakan ang mga tao, aba talaga'y marami pa ang nanood.

Ang Obispo'y palinga-linga rin sa bintana ng kumbento, gusto rin yatang saksihan ang koronasyon, "pa-kyeme, gusto rin naman pala ng bayot na 'to," pang-o-okray ni Bb. Diana at nagtatawanan na lang sila ni Senior Pit sa gilid.

Panghuli'y sa punto ng pag-aanunsyo ng kauna-unahang Santa Santino, lumabas si Tita Minerva, nakadamit sa anyo ng Inmaculada Concepcion, siya ang magpuputong ng korona sa mananalong Santa. At si Tito Jet, nakadamit-Santo Kristo, siyang magpuputong sa mananalong Santo.

At nagwika si Tita ng pamamanikluhod, magsilbi nawa itong koronasyon, gaya rin ng Inmaculada Concepcion, na isang ritwal ng paglilinis sa kanila sa ano mang panghuhusga ng mortal na pagkakasala. Bababa ang basbas ng mundo sa kanilang kaluluwa't kaanyuan, hahangaan din, at ituturing na Inmaculada. Nang ipinutong sa ulo ang nagigintuang mga korona, bumaba ang sanlibong pulutong ng mga kerubin at saka nagbuga ng mga trumpetang musika na nagpaparampa sa kanila. Tila abot-langit ang tamis ng tagumpay, pakiramdam nila'y kinilala ng uniberso ang kanilang kanonisasyon.

"Aleluya vongga de Santa Santino!" ang malakas nilang chant. At ang laking buntong hininga ngayon nina Tito't Tita, Senior, ni Binibining Diana, at iba pa, 'di nila akalaing kalulugdan sila ng pinakabonggang himala sa tanang lupa, magtutuloy-tuloy anu't ano pa man, hanggang sa langit ay rumampa. Amen.

---

**Bionote:**

Si Andrew Estacio ay kasalukuyang instruktor sa ilalim ng Dibisyon ng Wika, Departamento ng Humanidades sa UPLB. Siya ay nagsusulat ng maikling kwento at dula na may mga paksa hinggil sa danas ng LGBTQ+, mga panlipunang komentaryo, at mga kwentong may kinalaman sa kasaysayan. Nagtuturo siya ng mga kursong GE hinggil sa wika, kultura, lipunan at sa Batas Militar. Kasalukuyan niyang tinatapos ang MA Malikhaing Pagsulat sa UP Diliman.